

25 Custom officer




Sa larangan ng trading business, ang mga lisensyadong custom officer ay tinatawag din na custom broker at sila ang representante ng mga trading companies sa pag-poproseso ng mga dokumentong may kinalaman sa importation at exportation at obligadong establimento.

Sa mga nagtatrabaho sa trading business, nirerekomenda na kumuha ng lisensya bilang isang custom officer dahil hindi lamang sa custom broker magagamit ito. Sa kasalukuyan, unti-unting tumataas ang bilang ng trading companies na nagtatayo ng kanilang sariling broking company.

Ayon sa regulatory demand trading business, in-demand ngayon ang mga custom officers dahil sa dumarami ang transaksyon ng importation at exportation sa ibang bansa.

Sa pagkuha ng lisensya ng pagiging custom officer, hindi kinakailangan kung ano ang edad at antas ng edukasyon at sa oras na maipasa ang eksaminasyon kinakailangan ng (kumpirmasyon) mula sa chief custom inspector ng custom trader.

Para maging isang custom officer



<Maagang preparasyon>

Walang partikular na kondisyon para makakuha ng eksaminasyon. Ang porsyento ng mga pumapasa sa eksaminasyon ay nasa 10% lamang, kayat masasabi na hindi madali ang pagsusulit na ito. Maaring pumasok sa mga vocational school at distance learning system para pag-aralan ang eksaminasyon. Kailangan palawakin din ang kaalaman sa mga sitwasyon, kalagayan at mga pangyayari sa ibang panig ng mundo. Karamihan ng mga papeles sa custom ay nakasulat sa English, kayat katulad ng antas ng kaalaman sa Japanese language, kailangan din ang talino sa English.

<kung makakuha ng kuwalipikasyon, saan maaring magtrabaho>

Sa mga kompanya ng land at sea transportation industries, warehousing, airport, travel at marine agency at mga harbors companies maaring magtrabaho. Ang average na suweldo ay 5,400,000 yen kada taon.

<mayroon din ganitong trabaho>

Maliban sa custom broker, puwede rin magtrabaho sa mga trading company, trading section ng manufacturing company, pangangasiwa sa bank and insurance foreign exchange, at pagbabagsak sa department store at supermarket ng mga inangkat na produkto.

<Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?>

Sa vocational school (1 taon) aabutin ng mahigit 1,000,000 yen sa first year, mahigit 100,000 yen naman ang aabutin para sa bawat short courses at correspondence course sa isang beses.